Sa mga bago ninyo noon ay may isang lalaking may isang sugat kaya nasuya siya kaya kumuha siya ng isang punyal saka humiwa siya sa pamamagitan nito sa kamay niya. Hindi naampat ang dugo hanggang sa namatay siya. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): "Nagdali-dali sa Akin ang alipin Ko ng sarili niya. Nagkait Ako sa kanya ng Paraiso."}

Ayon kay Al-Ḥasan na nagsabi: Nagsanaysay sa amin si Jundub bin `Abdillāh (malugod si Allāh sa kanya) sa masjid na ito. Hindi kami nakalimot magmula ng nagsanaysay siya sa amin. Hindi kami natakot na si Jundub ay nagsinungaling laban sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagsabi siya: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): Sa mga bago ninyo noon ay may isang lalaking may isang sugat kaya nasuya siya kaya kumuha siya ng isang punyal saka humiwa siya sa pamamagitan nito sa kamay niya. Hindi naampat ang dugo hanggang sa namatay siya. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): "Nagdali-dali sa Akin ang alipin Ko ng sarili niya. Nagkait Ako sa kanya ng Paraiso."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na sa mga bago natin noon ay may isang lalaking nagkaroon ng isang sugat kaya nasuya siya at hindi siya nakapagtiis sa sakit. Kumuha siya ng isang punyal saka pumutol siya sa pamamagitan nito sa kamay niya at minadali niya ang kamatayan. Hindi natigil ang dugo hanggang sa namatay siya. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): "Nagdali-dali sa Akin ang alipin Ko ng sarili niya. Nagkait nga Ako sa kanya ng Paraiso."

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/2981